

Pangalan: Crisanto Malit

Level 1 – Batch 2

Paksa ng Khutbah: Ang Kahalagahan ng Magulang

Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro

Petsa: Hunyo 30, 2024

### Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102  
“O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na **kayo** ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Mga kapwa ko alipin ng ALLAH Subhanahu wa Ta'ala, sa inyong inaakala sino sa hanay ng mga tao ang gawan man natin ng hindi makatarungan ay mananatili pa rin ang pagmamahal sa atin magpakailanman? Sino sa hanay ng mga tao ang talikuran man natin sila, iwanan man natin sila at kalimutan sa mahabang panahon ngunit ang pag-aaruga at pag-aalala nila sa atin kailanman sa limot ay hindi ibabaon? Sa ating pagkakadapa, nariyan sila upang tayo ay ibangon nang kusa. Sa panahong tayo ay nagsusumikap sa pagkamit ng maginhawang buhay, sila ang tunay nating kaagapay. Datapuwa't kung makamit natin ang rurok ng tagumpay, sila ay nagmimistulang dekorasyon o palamuti na lamang sa bahay. Sila ang mga taong kailanma'y hindi magtatanim sa atin ng galit at kahit kailan sa atin hindi sila maiinggit. Sino sila?? Walang iba kundi ang ating mga magulang.

Mga kapwa ko alipin ng ALLAH, si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay palagiang nagpapaalala sa mga Sahaba (radhiyallahu 'anhum) patungkol sa mabuting pakikitungo sa mga magulang. Kung paanong ipinag-utos ng ating relihiyong ISLAM ang dakilang pagsamba sa kaisahan ng Allah

Subhanahu wa Ta'ala ay gayundin na ipinag-utos ang mabuting pakikitungo sa ating mga magulang. Binanggit ng ALLAH sa Qur'an:

﴿وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا ۖ إِمَّا يَنْلُعَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا﴾ سورة الإسراء: 23

“At ipinag-utos ng iyong Panginoon na walang ibang dapat sambahin maliban sa Kanya lamang, at kayo ay maging mabait at masunurin sa inyong mga magulang. Kapag sila o isa sa kanila ay umabot sa katandaan ay mangusap sa kanila sa pinakamainam at huwag magsalita sa kanila nang kawalang respeto at paggalang, huwag silang pagtaasan ng boses (alalaong бага huwag silang sigawan) bagkus mangusap sa kanila sa pinakamarangal na paraan.” (Surah Al-Isra: 23)

Magbalik tanaw tayo sa panahon ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), may isang Sahabi na nagtanong sa kanya, “O sugo ni Allah, ano po ang gawaing kalugud-lugod sa ALLAH Subhanahu wa Ta'ala? Sumagot ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), الصلاة على وقتها “Ang pagsasagawa ng Salah sa takdang oras nito.” Muling nagtanong ang Sahabi, ثم اي “Pagkatapos po ay ano?” Sumagot ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), بر الوالدين “Ang mabuting pakikitungo sa mga magulang.” (Inulat ni Al-Bukhari)

Isang Sahabi na nagmula pa sa Yemen at iniwan ang kanyang mga magulang doon ang lumapit sa Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam), at siya ay nagwika, “O sugo ng ALLAH, nagnanais ako ng gantimpala mula sa ALLAH, maaari mo ba akong isama sa jihad? Ngunit tinanong siya ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) kung mayroon pang nabubuhay sa kanyang mga magulang. Nang siya ay sumagot “Opo, bagkus silang dalawa ay buhay pa”, ang tugon sa kanya ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

فَارْجِعْ إِلَىٰ وَالِدَيْكَ فَأَحْسِنْ صُحْبَتَهُمَا. (رواه مسلم)

“Bumalik ka sa iyong mga magulang at pakitunguhan mo sila nang mabuti.”  
(Inulat ni Muslim)

Mga kapatid, ito ay isang uri ng pagpupunyagi sa landas ng ALLAH, malaking gantimpala ang matatamo ng sinumang tumatahak sa landas ng ALLAH ngunit sa pagkakataong ito ay mas binigyang diin ni Propeta Muhammad

(sallallahu 'alayhi wa sallam) ang kahalagahan ng mga magulang at mabuting pakikitungo sa kanila. Ganyan itinaas ng ALLAH Subhanahu wa Ta'ala ang antas ng mga magulang at ang gantimpala ng pagpapahalaga at mabuting pakikitungo sa kanila.

Si 'Abdullah Ibn 'Umar na isang Sahabi ay nagsagawa ng Tawaf kasabay ng isang lalaki na pasan-pasan nito ang kanyang ina. Pagkatapos ng kanilang Tawaf, siya ay nagtanong kay 'Abdullah ibn 'Umar kung natumbasan na ba niya ang ginawang kabutihan sa kanya ng kanyang ina? Sumagot si 'Abdullah ibn 'Umar, Jazakallahu khayran, gantimpalaan ka ng ALLAH. Katotohanang nakagawa ka ng isang malaking pagsamba ngunit kahit isang balahibo ng kirot at sakit na dulot ng pagkakapanganak sa iyo ng iyong ina ay hindi mo nasuklian at kahit kailan ay hinding hindi mo matutumbasan ang sakripisyo ng iyong mga magulang.

Sa kasalukuyang panahon, marami sa mga anak ang nakikitaan ng kawalang-galang at respeto sa magulang. Ang ilan sa mga kabataan, kapag mayroon silang iniaabot na pera o materyal na bagay sa kanilang magulang, magpaparinig muna ng ito ng salita bago ito bitawan ng kanilang kamay! Nasaan ang mabuting pakikitungo sa mga magulang!? Nasaan ang pangangalaga sa mga magulang!? Nasaan ang pagmamahal sa mga magulang!?

Marahil ay nakaligtaan na ng marami sa mga kabataang Muslim sa kasalukuyang panahon ang sinabi ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) na isinumpa ng ALLAH Subhanahu wa Ta'ala ang mga anak na nasusuklam sa kanilang mga magulang. Mga kapatid! Pagbutihin natin ang pakikitungo sa mga magulang at magpakumbaba sa kanila. Alalahanin natin na kabilang sa mga pintuan ng Paraiso na binanggit ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay ang ating mga magulang. Siya ay nagsabi,

الْوَالِدُ أَوْسَطُ أَبْوَابِ الْجَنَّةِ، فَإِنْ شِئْتَ فَأَصِغْ ذَلِكَ الْبَابَ أَوْ احْفَظْهُ. (أخرجه الترمذي وابن ماجه)  
“Ang magulang ang pinakasentro sa mga pintuan ng Paraiso. Kung nais mong pakawalan ang pintuang iyon ay baliwalain mo, subalit kung hindi nama'y pangalagaan mo ito.” (Inulat nina At-Tirmidhi at Ibn Majah)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَاسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

## Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

Mga kapwa ko alipin ng ALLAH Subhanahu wa Ta'ala, marapat lamang na suriin at paalalahanan natin ang ating mga sarili hinggil sa karapatan, katayuan, at kahalagahan ng ating mga magulang. Sila ang dalawang tao na nagtiis, nagbata, nagsakripisyo at isinantabi ang pansariling kapakanan sa hangaring maprotektahan, mapangalagaan at maitaguyod ang ating kinabukasan. Sila ang ginawang instrumento kung paanong iniluwal tayo dito sa Mundo, at sila rin ay kabilang sa mga instrumento kung paanong tayo ay makakapasok sa Paraiso.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدَيْنَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَائِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ. اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرَّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ أَنْصِرِ الْإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ. صَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.